# MAN VERSUS SELF

MARIA NIKKA POLICARPIO

*Starting Windows. Desktop. Microsoft Word 2013. New Blank Document. Click. Winking Cursor. Arial 12. Double-spaced. Hingang malalim.*

Bubukas ang telon. Madilim, tahimik ang paligid. Unti-unti ay bubukas ang malamlam na ilaw na nakatutok sa isang karakter na nakatayo sa kanang-harapang bahagi ng entablado. Sa una ay hindi pa gaanong naaaninag, ngunit unti-unti ay maiintindihan ng mga mata mo kung sino siya. Bata. Nakikita mo ba kung anong itsura niya? Oo. Batang kayumanggi ang balat na may amos-amos pa ang labi at madungis ang mga paa at mga kamay. Batang namamalimos ito. Hindi siya umiimik, ni hindi kumikilos. Kita sa mukha niya ang bigat ng kung ano mang dalahin niya para sa araw na iyon. Paano makaka-quota para hindi mahataw ng lider. Paano lalamnan ang tiyan ngayong araw. Paano makakaalis sa ganitong pamumuhay. Paano makakabalik sa dagat. Paiyak na siya, pero hindi gaano, at galit pa rin ang pilit na pinalilitaw sa maliliit niyang mga mata at sa kanyang nangingitim at nanginginig na mga labi. May tuyong uhog o wala? Meron, kasi may lagnat at may history ng pulmonya ang batang ito pero hindi niya alam. Naka-zoom in ang eksena. Ikaw ang direktor. Ano ang gagawin mo? Parang nilamukos na papel na itinapon sa basurahan matapos sulat-sulatan ng mga salitang hindi maipagtahi ang mukha ng batang ito. Parang 'yung tulang gusto mong isumite sa klase pero hindi mo makuhang ipakita sa takot.

Unti-unting liliwanag ang kaliwang-likurang bahagi ng entablado na may dyip. Mukha namang dyip, pero mukha pa ring set. Revolving set ito. Ang isang bahagi nito ay may nakatayong tagiliran ng dyip. Kumpleto, may bintanang durungawan ng mga pasaherong madiwara, may disenyo ring mga sirena at yawang litaw ang suso. Ang isang bahagi naman ay

nakabukas, para 'pag inikot na ang buong set ay mahikang makikita ang kabuuang loob ng dyip. Imagine that – may revolving set. Pero hindi ito ang isyu sa ngayon, dahil hindi naman ikaw ang production designer. Balik sa plot, hunghang.

Maglalakad ang batang kanina ay nasa kanang-harapan ng entablado patungo sa kaliwang bahagi ng entablado. Mabilis ang paglalakad patungo sa dyip na umaandar naman patungo sa gitnang harapan ng entablado. Hinahabol niya ito. Ang dyip naman, magre-revolve. Ipakikita ang parte nitong bukas para sa mga mata. Isang side lang ang may upuan na siyaman na minsa'y sampuan. Pero sige, dahil maraming pera ang production team, meron na ring baras na pahalang na nakakabit sa tila grid na nagsisilbing frame ng buong set. Ito ang nagsisilbing 'safety handle' ng jeep para sa mga pasahero.

Jam-packed ang jeep. Sampuan ngang siyaman, tapos may dalawang matabang pasahero. Isang mukhang Morgana, isa namang Dabyana. May isang panay ang pindot sa kanyang teleponong tats-skrin, uma-attack sa COC. Merong tulog at malayo na ang nalalakbay, meron ring naglalampungan pa eh masikip na nga ang dyip. Ang iba, supporting characters lang. Pampasikip sa upuan ng dyip. Hindi mo na sila bibigyan ng karakter, kasi sabi ng direktor mong utak okay lang naman iyon. Concentrate tayo sa mga binanggit.

Si Morgana papuntang Quiapo. Biyaheng Project 6 – Taft Avenue kasi ang dyip eh. Si Dabyana naman diyan lang sa may Banawe ang punta. Ka-meet ang jowa, kakain sila sa unli-dimsum restawran. 'Yung dalawang naglalampungan pa kahit masikip na, papasok sa eskuwelahan. Mga alas-onse na ng tanghali, pero panghapon ang klase nila. Dadaan pa ang mga hitad sa Sogo sa may Pantranco, monthsary kasi nila ngayon. Si nakanganga, may pasok rin. Puyat kagabi kakanood ng paborito niyang anime. Tapos 'yung uma-attack naman sa COC, may rebyu sa Morayta para sa Mechanical Engineering licensure. Sasakay ang batang kanina pa natin hinaylayt sa West Avenue. West Avenue, kasi iilawan ang kanina'y nasa karimlang backdrop na mukhang West Avenue. Full effect 'ika nga, para kapani-paniwala. Hindi mo na alintanang minumura ka na ng set director na paborito mong pagdisketahan para madagdagan ng kapal ang dula mong wala naman talagang substance. O siya, 'yung batang namamalimos. Dapat kanina pa siya eeksena eh. Pero dahil sabi mo, gawan muna ng naratibo ang iba pang karakter kahit hindi naman talaga sila ang pokus ng kuwentong ito na balak mong ipasa sa Virgin Labfest, eh hala sige lagay ka. May life nga pala sila at hindi lang sila karakter sa kuwento. Anyway, nakasampa na ang bata sa dyip ng paluhod. Luhod, luhod pa ng nakadukdok na halos sa paanan! May hawak na basahan ang bata, pinupunasan ang mga paang madaraanan. Dededmahin ang bata ni Dabyanang kausap na sa telepono ang jowa niya. Magigitla naman ang naglalampungang mag-jowa sa kiliting hatid ng maliliit na kamay nito, mapapatigil sa paghahalikan, at ang babae ay dali-daling kukuha ng barya habang pinipiga pa ng jowa niya ang isa niyang suso at dinidilaan pa rin nito ang kanyang leeg. Habang si tulog naman, tulog pa rin. Tapos na umattack sa COC si reviewee, kaya sinusundan na niya ng tingin ang

bata habang pinupunasan ang mga paa ng iba pang mga nakasakay sa dyip. Si Morgana, na nasa dulong tabi ng drayber sisipain ang paslit, sabay sasabihing, "Hoy bata! Umuwi ka na sa inyo. Nakakadiri ka," na sasagutin naman ng paslit na ngayo'y napatayo na ng, "Baboy! Baboy!." Kakanta ngayon ang paslit, habang isa-isang dinuduro ang mga pasahero, "Girl, boy, bakla, tomboy, butiki, BABOY!" haharap sa manonood, at ituturo sila, "Unggoy! Mga unggoy kayo! Panood-nood pa kayo ng play! Samantalang ako, 'pag nakakasakay n'yo sa dyip, tinititigan n'yo lang? 'Wag kayong makareak-reak ng "awwww" diyan, mga bulugan! Labas ng awditoryum! Labas! Tulungan n'yo ang mga gaya ko kesa pinopondohan n'yo itong yawang direktor na 'to," ituturo ka niya, "na wala namang palaman ang gawa! Hala! Sige! EDI WOW!" sabay bababa ang bata mula sa entablado. Lumulutang, papalapit sa kinalalagyan mo sa director's seat.

Magigitla ka. Magigitla ka sa sarili mong mga naiisip. Basag ang itinuturo sa 'yo ng mga guro mo sa pamantasan. Mababasag ang elemento ng kuwento at ng dula at ng malikhaing pagsulat. Wow. Such unique. Very wow. 9GAG. 9-Gago. Ang panget. Ang panget ng naiisip mo. Panget! Panget ng play mo, kasing panget mo. Panget ka. Panget!

*Control-A. Delete. Red button. Click Are you sure you want to close Microsoft Word? Caps Lock-Y. Alt-F4. Shut down? Shut down. Black screen.*